

Bukas ang mga nominasyon para sa pinakamataas na karangalan ng Alberta

Enero 4, 2024

Hinihikayat ang mga Albertan na magmungkahi ng mga kahanga-hangang miyembro ng komunidad, mga lider at mga innovator para sa pagiging miyembro sa Alberta Order of Excellence (Order ng Kahusayan ng Alberta).

Ang Order ay ang pinakamataas na karangalan sa lalawigan at kinikilala ang mga mamamayan na nakagawa ng isang makabuluhan at pangmatagalang kontribusyon sa kanilang mga komunidad. Kasama sa mga miyembro ang mga Olympian, mga siyentipiko, mga boluntaryo, mga lider sa negosyo, at mga artista. 212 na mga Albertan ang pinagkalooban ng Alberta Order of Excellence mula noong itinatag ito noong 1979.

Ang mga nominasyon ay tinatanggap sa buong taon, ngunit dapat matanggap bago ang Pebrero 15 upang maisaalang-alang para sa imbestidura ngayong taon.

Ang mga nominado ay dapat na mga mamamayan ng Canada na kasalukuyang naninirahan sa Alberta at, kung pipiliin, ay dapat na makadalo sa seremonya ng imbestidura. Hindi maaaring imungkahi ng mga tao ang kanilang sarili, ang kanilang asawa o isang miyembro ng kanilang malapit na pamilya.

Ang impormasyon tungkol sa Order, kabilang ang mga alituntunin sa nominasyon, mga pormularyo ng nominasyon at talambuhay ng mga nakaraang imbestidura ay makukuha sa website ng [Alberta Order of Excellence](#).

Makukuha rin ang impormasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 780-449 -0517.

Kaugnay na impormasyon

[Alberta Order of Excellence](#)

Mga katanungan sa media

Gary G. Mar
mar@cwf.ca
587-897-3311
Tagapangulo,
Ang Konseho ng Alberta Order of Excellence
(mag-email sa mccaw@cwf.ca upang mag-set-up ng mga panayam)

Gayle Stannard
gaylest@telus.net
780-953-4020
Ehekutibong Direktor,
Alberta Order of Excellence